# PUBLIC NOTICE

PAUNAWA NG PAGKAKAROON NG DOKUMENTO/PAUNAWA NG PAGPUPULONG NG LUPON NG AUTHORITY

## *California High-Speed Rail Project – Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose*

ISINAPINAL NA ULAT NG EPEKTO SA KAPALIGIRAN/PAHAYAG NG EPEKTO SA KAPALIGIRAN

Inaanunsyo ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang pagkakaroon ng **Isinapinal na Environmental Impact Report (EIR, Ulat ng Epekto sa Kapaligiran)/Environmental Impact Statement (EIS, Pahayag ng Epekto sa Kapaligiran)** para sa **Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose ng California High-Speed Rail Project.**

**Ang Isinapinal na EIR/EIS ng Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose at ang mga kaugnay na dokumento ay makikita ng publiko sa Biyernes, Hunyo 10, 2022. Ang Isinapinal na EIR/EIS ay makikita online sa PDF sa website ng Authority (www.hsr.ca.gov), o maaari kang humiling ng elektronikong kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 435-8670.**

*Ang website ng Authority ay naglalaman din ng dating inilabas na Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS (inilathala noong Hulyo 10, 2020, sa ilalim ng CEQA at NEPA), Nirebisa/Karagdagang Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS (inilathala noong Hulyo 23, 2021, sa ilalim ng CEQA at NEPA), at ng Buod ng Isinapinal na EIR/EIS. Makukuha ang Buod na ito sa Ingles, Espanyol, Mandarin, Vietnamese, at Tagalog.*

Ang mga naka-print at/o elektronikong kopya ng Isinapinal na EIR/EIS ay makukuha sa mga sumusunod na lokasyon, sa mga oras na bukas ang mga pasilidad (ang mga araw/oras na bukas ay maaaring mabawasan bilang pagsunod sa mga direktiba hinggil sa pampublikong kalusugan at kaligtasang nauugnay sa coronavirus):

- San Francisco—100 Larkin Street, San Francisco, CA 94102 (San Francisco Library, Pangunahing Sangay)
- Brisbane—250 Visitacion Avenue, Brisbane, CA 94005 (Brisbane Library)
- South San Francisco—840 West Orange Avenue, South San Francisco, CA 94080 (South San Francisco Library)
- San Bruno—701 Angus Avenue West, San Bruno, CA 94066 (San Bruno Library)
- Millbrae—1 Library Avenue, Millbrae, CA 94030 (Millbrae Library)
- Burlingame—480 Primrose Road, Burlingame, CA 94010 (Burlingame Library)
- San Mateo—55 West Third Avenue, San Mateo, CA 94402 (San Mateo Library, Pangunahing Sangay)
- Belmont—1110 Alameda de las Pulgas, Belmont, CA 94002 (Belmont Library)
- San Carlos—610 Elm Street, San Carlos, CA 94070 (San Carlos Library)

- Redwood City—1044 Middlefield Road, Redwood City, CA 94063 (Redwood City Library, Sangay sa Downtown)
- Atherton—150 Watkins Avenue, Atherton, CA 94027 (Gusali ng Pamahalaan sa Bayan)
- Menlo Park—800 Alma Street, Menlo Park, CA 94025 (Menlo Park Library)
- Palo Alto—270 Forest Avenue, Palo Alto, CA 94301 (Palo Alto Library, Sangay sa Downtown)
- Mountain View—585 Franklin Street, Mountain View, CA 94041 (Mountain View Library)
- Sunnyvale—665 West Olive Avenue, Sunnyvale, CA 94086 (Sunnyvale Library)
- Santa Clara—2635 Homestead Road, Santa Clara, CA 95051 (Central Park Branch, Santa Clara County Library)
- San Jose—150 East San Fernando Street, San Jose, CA 95112 (Dr. Martin Luther King, Jr. Library)

Ang mga naka-print at/o elektronikong kopya ng Isinapinal na EIR/EIS ay makukuha para mapag-aralan sa mga oras ng tanggapan sa Northern California Regional Office ng Authority sa 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose, CA 95113 at sa Punong-Tanggapan ng Authority sa 770 L Street, Suite 620, Sacramento, CA 95814. Mangyaring makipag-ugnayan sa Authority sa (800) 435-8670 upang magsaayos upang makita ang mga dokumentong ito. Maaari ka ring humiling ng elektronikong kopya ng Isinapinal na EIR/EIS, ng dating inilathalang Nirebisa/Karagdagang Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS at Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS, at mga kaugnay na teknikal na ulat sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 435-8670 o pag-email sa san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov.

Ang Isinapinal na EIR/EIS ay ginagawang makukuha ng publiko at ng mga pampublikong ahensya alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA, Batas sa Kalidad na Pangkapaligiran ng California) at sa National Environmental Policy Act (NEPA, Pambansang Batas sa Patakarang Pangkapaligiran) bago ang mga desisyon ng Authority sa pagtatapos ng pag-aaral sa kapaligiran na ito sa antas na pamproyekto.

Ang pag-aaral sa kapaligiran, pagsangguni, at iba pang mga aksyong iniaatas ng NEPA at ng mga naaangkop na pederal na batas na pangkapaligiran para sa proyektong ito ay kasalukuyang isinasagawa o isinagawa na ng Estado ng California alinsunod sa 23 United States Code (Kodigo ng Estados Unidos) 327 at ng isang Memorandum of Understanding (MOU, Tala ng Pag-unawa) na may petsa noong Hulyo 23, 2019, at ipinatupad ng Federal Railroad Administration (FRA, Pederal na Pangasiwaan para sa mga Tren) at ng Estado ng California. Sa ilalim ng MOU, ang Authority ay ang pangunahing ahensya ng proyekto sa ilalim ng NEPA. Bago ang MOU noong Hulyo 23, 2019, ang FRA ang pangunahing ahensyang pederal. Ang Authority ang siya ring pangunahing ahensya sa ilalim ng CEQA.

**PAGPUPULONG NG LUPON NG AUTHORITY sa Agosto 17 at 18, 2022, 11:00 a.m.**

**UPDATE HINGGIL SA COVID 19**

*Dahil sa mga pangamba sa pampublikong kalusugan at kaligtasan tungkol sa coronavirus, ang pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ng Authority para sa Isinapinal na EIR/EIS ay maaaring isagawa sa parehong sa personal at/o online at/o pagpupulong na video/teleconference. Mangyaring tingnan ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o tumawag sa (800) 435 8670 para sa higit pang impormasyon, kabilang ang up to date na*

Ang Lupon ng mga Direktor ng Authority ay magdaraos ng dalawang-araw na pagpupulong, sa Agosto 17 at 18, 2022, upang isaalang-alang kung sesertipikahan ang Isinapinal na EIR/EIS at aaprubahan ang bahagi ng Mas Ninanais na Alternatibo sa Scott Boulevard sa Santa Clara (Alternatibo A, na may mga binagong istasyon ng Caltrain para sa HSR sa 4th at King Street at Millbrae, at isang pasilidad sa pagpapanatili ng East Brisbane), alinsunod sa CEQA. Ang San Jose Diridon Station (kabilang ang bahagi ng Mas Ninanais na Alternatibo mula sa Scott Boulevard sa Santa Clara patungong West Alma Avenue sa San Jose) ay inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Authority bilang bahagi ng Seksyon ng

Proyekto mula San Jose hanggang Merced noong Abril 2022, at alinsunod dito, hindi iminumungkahing maaprubahan bilang bahagi ng isasaalang-alang ng Lupon sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose. Ang Lupon ng mga Direktor ng Authority, sa papel ng Authority bilang pangunahing ahensya ng NEPA, ay isasaalang-alang din kung didirektahan ang Chief Executive Officer ng Authority na maglabas ng Rekord ng Desisyon para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose na pumipili ng bahagi ng Mas Ninanais na Alternatibo sa Scott Boulevard sa Santa Clara. Ang mga dokumento at materyal na sumusuporta sa mga iminumungkahing aksyon ng Lupon ng mga Direktor ng Authority ay makikita bago ang pagpupulong sa webpage ng Lupon sa https://hsr.ca.gov/about/board-of-directors/schedule/.

Ang Authority ay hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatwirang akomodasyon upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito. Ang mga indibidwal na may mga kapansanang sensory ay maaaring makipag-ugnayan sa Authority sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng website ng Authority upang humiling ng suporta sa aksesibilidad. Mapupuntahan ang mga pasilidad para sa pagpupulong sa mga taong may mga kapansanan at nangangailangan ng tulong para sumali. Para sa mga serbisyo ng tagapagsalin sa wika, o mga espesyal na pangangailangan, mangyaring tumawag sa (800) 435-8670.

Kung mayroon kang mga katanungan o nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng mga kopya ng mga dokumento, mangyaring mag-email sa amin sa san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov o tumawag sa tanggapan ng California High-Speed Rail Authority sa (800) 435-8670.

Para ver este Aviso de Disponibilidad (NOA) en español, visite el sitio web de la Autoridad en: https://hsr.ca.gov/programs/environmental-planning/project-section-environmental-documents-tier-2/san-francisco-to-san-jose-project-section-draft-environmental-impact-report-environmental-impact-statement/

如要阅读本 NOA 的简体中文版，请访问高铁局网站：https://hsr.ca.gov/programs/environmental-planning/project-section-environmental-documents-tier-2/san-francisco-to-san-jose-project-section-draft-environmental-impact-report-environmental-impact-statement/

Để xem NOA này bằng tiếng Việt, vui lòng truy cập trang web của Cơ quan: https://hsr.ca.gov/programs/environmental-planning/project-section-environmental-documents-tier-2/san-francisco-to-san-jose-project-section-draft-environmental-impact-report-environmental-impact-statement/

Upang matingnan ang NOA na ito sa Tagalog, mangyaring bisitahin ang website ng Authority sa: https://hsr.ca.gov/programs/environmental-planning/project-section-environmental-documents-tier-2/san-francisco-to-san-jose-project-section-draft-environmental-impact-report-environmental-impact-statement/